# IMPORMASYON PARA SA PASYENTE

GECKO

GlobalSurg | NIHR Global Health Research Unit on Global Surgery

## Ano ang GECKO?

Sa buong mundo, may mga pagkakaiba-iba ang ligtas na pagsasagawa ng operasyon na maliliit ang hiwa o laparoscopic surgery para sa mga sakit sa apdo o gallbladder. Gayunpaman, ang mga pagkakaiba-iba na ito ay hindi pa napag-aralan nang mabuti. Upang matugunan ang ganitong agwat sa kaalaman, nagsasagawa kami ng pandaig-digang pagsusuri sa mga kaalaman at kahihinatnan ng operasyon na pagtanggal ng apdo o cholecystectomy. Ang GECKO ay acronym para sa buong pangalan ng pag-aaral na salik sa salitang ingles : **G**lobal **E**valuation of **C**holecystectomy **K**nowledge and **O**utcomes

## Ano ang iyong magiging partisipasyon kung ikaw ay makikilahok?

- Ang kurso ng paggamot sa iyo sa ospital ay susubaybayan upang mangolekta ng mga datos, tulad ng mga sumusunod:
  - Impormasyon mula sa talaang medikal – *anonymized* upang protektahan ang iyong katauhan
  - Detalye ng operasyon na *cholecystectomy* o pagtanggal sa apdo - sakit, operasyon at kurso ng paggaling pagkatapos ng operasyon
- Ang iyong paglahok sa pag-aaral na ito ay hindi mangangailangan ng anumang karagdagang eksaminasyon. Hindi mababago ang paraan ng pangangalaga or serbisyong medikal na angkop sa iyo
- Kung gusto mong lumahok, ang kailangan mo lang gawin ay pumirma sa dokumento ng pahintulot (*consent form*), matapos initindiin ang detalye ng pananaliksik

## Ano ang mga panganib at benepisyo ng paglahok?

- Ang pagsali sa pag-aaral na ito ay hindi makakaimpluwensya sa mga klinikal na desisyon o paggamot sa iyong karamdaman.
- Walang karagdagang panganib sa pakikilahok.
- Ang impormasyong nakalap ay magiging lubhang kapaki-pakinabang sa paggawa ng pamantayan sa mga paraan ng pagtanggal ng apdo at magtataguyod sa mas magandang resulta para sa mga pasyente.

## Para sa karagdagang impormasyon:

Kung mayroon kang iba pang mga katanungan, huwag mag-atubiling tanungin ang iyong duktor tungkol sa anumang aspeto ng pag-aaral na ito.

Maaari ring bisitahin ang aming *website* o *twitter page* para sa mga napapanahong balita.

## Contact Us

***Website:*** globalsurgeryunit.org

***Twitter:*** @gecko_study

***Email:*** geckostudy@gmail.com